

# AGINTONG PATAK

OPISYAL NA PAHAYAGAN NG PANDI WATER DISTRICT

OUR WATER  
OUR LIFE  
OUR RESPONSIBILITY



## Bulk Water Supply Project ...kumusta na?



**N**ASA KASAGSAGAN ang paglalatatag ng mga malalaking tubo ng tubig para sa *Bulk Water Supply Project (BWSP)* na may sukat na 6 hanggang 10 diyametro pulgada at may haba na 4,440 *linyar metro* na magkokonekta mula Kalye Andres St., Bunsuran 2nd, at mga karatig barangay patungo ng barangay Poblacion.

Denesenyo ang *BSWP* na makapaghatid ng karagdagan suplay ng malinis at maaasahang tubig na umaabot sa dalawa (2) hanggang lima (5) milyong litro kada araw o 24/7 na suplay ng tubig sa mga kabahayan.

Layunin ng proyektong ito na matugunan ang tumataas na porsyento ng pangangailangan sa tubig dulot ng pabagobagong panahon o *climate change*, at paglaki ng populasyon. Makatitiyak na malinis at ligtas na tubig ang dadaloy sa bawat kabahayan dahil sa prosesong pag

lilinis mula *clarifier* na nagtaglay ng *multi-media filter* na magsasala at mag-aalis ng pisikal na dumi sa tubig.

Sa ngalan ng tubig, katuwang ng Pandi Water District sa proyektong ito ang *Chemical Research Product Industrial Sales, Inc. (CRPISI)* kilala sa bansa bilang isang kompanya na dalubhasa sa paglilinis ng tubig at sumusunod sa pamantayan ng *Philippine National Standard for Drinking Water (PNSDW)*, *Department of Health (DOH)* at *World Health Organization (WHO)*.

Magkakaroon ng tuloy-tuloy na suplay ng tubig na aabot sa malalayo at matataas na lugar na sakop ng kahabaan ng Barangay Bunsuran 1st - 3rd at Barangay Poblacion, sa pamamagitan ng proyektong ito na tinatayang 70% na ang natatapos sa kasalukuyan.



Paglalatatag ng tubo sa kahabaan ng Kalye Andres St., Bunsuran II, Pandi, Bulacan





**GM'S CORNER**

*Daloy ng Pag-unlad*

ni: GM Elvira Socorro B. Santos

**N**AKABATAY SA LAYUNIN ng Pandi Water District ang maka-pagbigay ng tuloy-tuloy na daloy ng malinis na tubig at serbisyo publiko sa mamamayan ng bayan ng Pandi.

Ang tanggapan ay nagsusumikap na matapos ang 3 proyektong *Pump Facilities* sa ika-apat na kwarter ng taong kasalukuyan. Ang mga nasabing proyekto ay matatagpuan sa mga sumusunod na nasasakupang barangay: *Phase 1, Pandi Residences Home 2, Brgy. Bagong Barrio; Phase 4, Pandi Residences Home 1, Mapulang Lupa*, at isang *Pump Facility* na may pasilidad na *Water Treatment Plant/Bulk Water Supply Project* na may kapasidad na mag-suplay ng 2-5 milyong litro ng tubig

kada araw (2-5 MLD) na matatagpuan sa *Kalye Andres St., Brgy. Bunsuran II*. Layunin ng mga proyektong ito na matugunan ang tumataas na bilang ng mga konsesyonaryo na nangangailangan ng malinis na suplay ng tubig.

Ang hamon para sa malinis at masaganang suplay ay laging una sa prayoridad ng tanggapan.

Ang Pandi Water District ay patuloy na maglalagat ng mga proyektong upang masiguro ang tuloy-tuloy na serbisyong ipinagkaloob sa mga mamamayan ng Pandi.

Sa kabila ng mga hamon na dumarating kasama na ang "*Climate Change*" ang Pandi Water District ay patuloy na maghahanap at gagawa ng kaparaanan upang ang daloy ng

PROJECTS	DATE OF ACCOMPLISHMENT
J.P. Rizal Pump Station Pump Upgrade	27 February 2019
Mapulang Lupa A Pump Station Pump Replacement	22 March 2019
Ph.1 Pandi Residences 1 M. Lupa Pump Replacement	22 March 2019
Siling Matanda Pump Station Power Conversion From Three Phase to Single Phase	18 July 2019
Mapulang Lupa B Pump Station Pump Upgrade	23 August 2019

tubig at tunay na serbisyo publiko ay maihatid sa mga konsesyonaryo.

Sa Daloy ng Tubig at Serbisyo Publiko ang Pandi Water District ay laging nakaagapay sa mamamayang Pandieño.



Pump Station No. 11  
Phase 4, Pandi Residence Home 1, Mapulang Lupa, Pandi, Bulacan



Pump Station No. 12  
Phase 1, Pandi Residences Home 2, Bagong Barrio, Pandi, Bulacan



Water Treatment Plant/Bulk Water Supply Project  
Kalye Andres St., Bunsuran II, Pandi, Bulacan

**Greening Project sinuportahan ng iba't-ibang sektor**

ni: Jormisel B. Mauricio

**N**AGING MATAGUMPAY ang inilunsad na 3rd Year *Greening Project* ng Pandi Water District (PanWaDis) na nakapagtala ng 300 puno

turing itong puno. Taglay ng kawayan ang kahanga-hangang katangian na magbuga ng oxygen na 35% higit na mas marami kaysa sa ibang punongkahoy kaya tinagurian itong *carbon sequester*, at ang natatanging kakayanan na magpigil ng tubig

ulan upang maiwasan ang pagguho ng lupa at mga pagbaha sa mga mababang lugar. Ang ugat ng kawayan ay kayang mag "*bind*" o pagtahitahin ang bahagi ng lupa hanggang sa anim na metro kwadrado at lalim na mahalaga para sa *water conservation*. Ayon sa pag-aaral mas malinis at dalisay ang tubig na sinala ng ugat ng kawayan. Ginanap ang unang bahagi ng

ng kawayan na naitanim sa loob lamang ng 3 buwan. Bakit kawayan? Kung tutuusin, ang kawayan ay isang uri ng damo. Dahil tumataas ito nang higit pa sa karaniwang damo, itinu-



Immaculate Conception Parish Commission on Youth (PCY) Pandi

Mr. Mar Par  
Chairperson OFW Cooperative Council (OFWCC) Jeddah, KSA



Los Caballeros de Pandi

ng lupa hanggang sa anim na metro kwadrado at lalim na





# Water Sanitation and Hygiene (WASH) sa Baka-bakahan Elementary School



**M**ULI NA NAMANG naghatid ng tulong ang Pandi Water District sa Paaralang Elementarya ng Baka-Bakahan noong Hunyo 17, 2019. Pinangunahan ni Bb. Elvira Socorro B. Santos, *General Manager* ng Pandi Water District ang pagbibigay ng mga *personal hygiene kit* sa mga mag-aaral. Bago ito ay nauna nang nagbigay ng *washing facility* na malaking tulong upang mapanatili ang kalinisan at ang maayos na kalusugan ng mga mag aaral.



ni: *Carlyne Denise M. Begasco*  
Teacher I, Baka-Bakahan ES



**K**aalinsunod nito ay nagkaroon ng maikling programa ang paaralan sa pangunguna ni G. Francis C. Reyes, Pang-Ulong Guro III, upang pasalamatan ang Pandi Water District sa walang sawa nitong pagbibigay ng tulong. Bakas ang kaligayahan sa mukha ng bawat isa matapos ang nasabing programa.



**K**inatua at ipinagpapasalamat ng mga guro at magulang ng mga magulang ng Baka-Bakahan ES ang handog na tulong na ito. Kaisa ng bawat paaralan at mamamayan ang Pandi Water District sa pag-abot ng layunin nito tungo sa isang maayos at matatag na bayan, "Para sa Bata, Para sa Bayan".





# PANWADIS

**P**andi ang aming minamahal na Bayan Bantog sa pagkakaroon ng tubig na kaloob ng Maykapal

Tubig na nagdudulot ng kasiyahan  
Upang ang mga pangangailangan ay matugunan.

**A**ngkin nating lahat ang pagkakataon  
Upang sa pamamagitan ng tubig na kaloob ng Maykapal  
Marami nating mga kababayan ay mapaglilingkuran.

**N**ababatid natin kung gaano kahalaga sa buhay ng tao  
Itong tubig na katumbas ay buhay  
Kapag nawala sa ating katawan  
Tiyak mawawala itong ating buhay.

**W**alang sinumang tao sa mundong ibabaw  
Ang makapagsasabi na ang tubig ay di kailangan  
Kaya't taos pusong pasasalamat sa Poong Maykapal  
Tayo ay pinagkalooban ng tubig na biyaya buhat sa ilalim ng lupa.

**A**lay ng PanWaDis sa mga mamamayan  
Malinis na tubig sa bawat tahanan  
Laging sinisikap ng pangasiwaan  
Mga suliranin ay mabigyan ng kalutasan  
Kaya't maaasahan ninyo maayos at tapat na paglilingkod para sa inyong kasiyahan.

**D**ulot ng patuloy na pagbabago sa ating kalikasan  
Minsan ay nagaganap ang 'di inaasahan  
Dala palibhasa ng mabilis ng pagdami ng mga taong nangangailangan  
Kaya't tamang gamit ng tubig lagi nating isa-ispisip.

**I**dinadalangin ko sa Poong Maykapal  
Lahat po ng kawani nitong patubigan  
Pagkalooban ng lahat ng biyaya sa araw-araw  
Upang buong pusong magampanan  
Mga tungkuling dapat nilang isakatuparan.

**S**a bawat sandali na patak ng tubig  
Hatid ay ligaya sa tuwing madarama  
Maginhawang pakiramdam ng ating katawan  
Uhaw sa tubig ay dagling matutugunan  
Patuloy na daloy ng tubig biyayang walang katapusan.

Isinulat ni:

Gng. Ofelia C Cruz

Former Vice-Chairperson/BOD

## Pandi Water District dumalo sa Strategic Performance Management System (SPMS) Seminar

ni: **Criselda A. Cruz**



**A**NG CIVIL Service Commission (CSC) ay naglabas ng Memorandum Circular No. 6 s, 2012: Guidelines in the Establishment and Implementation of Agency Strategic Performance Management System (SPMS).

Noong Enero 22, 2014 naaprubahan ng Civil Service Commission Region III ang Strategic Performance Management ng Pandi Water District. At upang ma-implement ang SPMS ng Pandi Water District. Nagkaroon ng orientation on SPMS sa lahat ng empleyado ng Pandi Water



District ni Director Emily Reyes- Field Office Bulacan. Upang maunawaan ng lahat ng empleyado ang sistema ng Performance Rating ng bawat empleyado.

Ang Strategic Performance Management System ay isang mekanismo na nag-uugnay sa pagganap ng empleyado sa kanyang tungkulin sa isang organisasyon upang mapahusay ang pagganap sa tungkulin, tinitiyak nito na natamo ng empleyado ang mga layunin na itinakda ng organisasyon.

At para mas maging maayos ang pag-iimplement ng Pandi Water District SPMS ang General Manager at lahat ng Division Head ay dumalo sa ginanap na Seminar-Orientation on Strategic Management System (SPMS) noong Abril 16, 2019 sa Multi-Purpose Hall, Poblacion, Baliwag, Bulacan.

## ICCDC WIP ginanap sa PanWaDis

ni: **Engr. Joel M. Bernardo**



**A**NG MGA MAG-AARAL ng Immaculate Conception Child Development Center, Inc. (ICCDC) ay nagkaroon ng Work Immersion Program (WIP) sa Pandi Water District bilang bahagi ng Senior High School (Grade 11 at 12) Curriculum na kung saan ay nangangailangan magsagawa ng aktwal na trabaho or "hands-on" experience ang mga estudyante. Maari din itong malapit na paggaya sa aktwal na trabaho or "simulated" lamang.

Sa unang araw ng WIP nagkaroon ng orientation patungkol sa Pandi Water District bilang lokal na water provider sa bayan ng Pandi. Ang mga mag-aaral ay sinanay sa loob ng 80 oras sa paggabay ng Accounting Division at Engineering Division na siyang angkop para sa ninanais tahakin pagtungtong sa kolehiyo sa ilalim ng strand na: Science, Technology, Engineering, and Mathematics (STEM) at Accountancy, Business and Management (ABM).



Ipinasilipsa mag-aaral ng kursong STEM ang Water Treatment Plant sa Kalye Andres St., Bunsuran II. Ang proyektong ito ay magiging bukas sa lahat ng nais bumisitang paaralan pribado man o pampubliko. Ang kolaborasyon ng Immaculate Conception Child Development Center, Inc. (ICCDC) at Pandi Water District ay hindilamang upang mapalakas ang ugnayan ng ahensiya sa mga paaralan sa bayan ng Pandi, kundi layon nito na mahubog ang bawat mag-aaral sa pagpapahalaga, tamang ugali, kalinangan at kasanayan na makakatulong sa paglinang ng kanilang desisyon o kahandaan sa paghahanapbuhay pagkatapos ng pag-aaral ayon sa DepEd Order No. 40, s. 2015.

ter District ay hindilamang upang mapalakas ang ugnayan ng ahensiya sa mga paaralan sa bayan ng Pandi, kundi layon nito na mahubog ang bawat mag-aaral sa pagpapahalaga, tamang ugali, kalinangan at kasanayan na makakatulong sa paglinang ng kanilang desisyon o kahandaan sa paghahanapbuhay pagkatapos ng pag-aaral ayon sa DepEd Order No. 40, s. 2015.

ter District ay hindilamang upang mapalakas ang ugnayan ng ahensiya sa mga paaralan sa bayan ng Pandi, kundi layon nito na mahubog ang bawat mag-aaral sa pagpapahalaga, tamang ugali, kalinangan at kasanayan na makakatulong sa paglinang ng kanilang desisyon o kahandaan sa paghahanapbuhay pagkatapos ng pag-aaral ayon sa DepEd Order No. 40, s. 2015.



**EDITORIAL WALANG KULAY ANG MALINIS AT LIGTAS NA TUBIG**

ni: *Mila Pampuan Mendoza*



**N**ARANASAN mo na bang sandaling huminto at pagtunan ng pansin ang halaga ng isang basong tubig sa pananaw ng isang isda? Isang basong tubig na papawi ng ating pagkauhaw, inuming dapat ubusin, ngunit sa isang isda ito ay tahanan.

Ang krisis sa tubig dulot ng patuloy na pagdami ng populasyon ang pangunahing isyu at suliraning pandaigdig sa kasalukuyan. Ayon sa *United Nations Populations Fund (UNFPA)* lumobo ang populasyon ng daigdig: 1950 -mula 2.5 bilyon noon ay tumaas sa 6 na bilyon matapos lamang ng 50 taon. 2050 - inaasahan ang pagtaas ng bilang ng populasyon sa 9.3 bilyon at sa taong 2100 inaasahan din na tataas ang populasyon sa 15 bilyon.

Dahil sa mabilis na pagdami ng populasyon sa buong mundo, lumiliit ang porsyento ng malinis at ligtas na tubig. Tinatayang 70% ng tubig ay ginagamit sa agrikultura at mga industriya, kulang 1% na lamang ang natitirang malinis at ligtas inumin, ang nalalabing porsyento ay hindi angkop na gamitin ng tao. Kung patuloy na babaliwalain, ang suliraning ito ay tataas pagdating ng 2050, kung saan inaasahang tataas ng higit 1/3 ang pandaigdigang pangangailangan sa malinis at ligtas na inuming tubig.

Patuloy ang mga dalubhasa sa pagtuklas ng mga pamaraan gamit ang mga makabagong teknolohiya upang masigurado na sapat ang pagkukunan ng tubig ayon sa pangangailangan ng bawat tao, kaugnay ng layunin ng Sustainableng Pag-unlad o *Sustainable Development Goals (SDGs)*. Habang

malaking hamon sa mga ahensiya na namamahala sa serbisyo ng tubig internasyonal man o lokal ang deklarasyon ng *United Nations (UN)* na “*Access to safe water is a universal right*”. Subalit kasabay ng pagtanda ng mundo ay ang pagkatuyo nito, nakakaalarma na kapag nagpatuloy ang krisis sa tubig darating ang panahon: “*survival instinct o self-preservation*” ang mamayani sa tao sa halip na respeto at pagmamahal sa kapwa.

Ang paglalatag ng mga konkretong plano at pandaigdigang pagsisikap upang masigurong may maaasahang pagkukunan ng tubig ay hindi sapat na batayan ng pangmatagalang solusyon, kung magkakaiba ang kulay ng hangarin patungo sa sustinableng suplay nito at ang mga higante ng lipunan ay sasaraduhan ang mga itinakdang daluyan para sa pansariling kapakanan, hindi malayong mangyari ang prediksiyon ni *1995 World Bank vice president Ismail Serageldin* : “*If the wars of this century were fought over oil, the wars of the next century will be fought over water*”.

Ang pinakamabisang paraan tungo sa Sustinableng Pag-unlad ay nagkakaisang pagkilos, matalinong pagpapasya at mapagpakumbabang puso na marunong kumilala sa dakilang Diyos na siyang pinagmulan ng tubig na nagbibigay buhay! “*Aking ibubuhos ang saganang tubig sa tuyong lupain, sa uhaw na lupa ay maraming batis ang padadaluyin...*” *Isaiah 44:3*.

Tayo at ang kalikasan ay nabubuhay sa biyaya ng tubig! Gampanan natin ang ating bahagi: “*panatilihin natin itong walang kulay, malinis at ligtas*”.



**mula sa Pahina 2**

pagtatanim sa taong ito noong ika-22 ng Marso sa *Bulk Water Supply Project*, Kalye Andres St., Barangay Bunsuran II, alinsunod sa itinakda ng Pampangu-luhang Proklamasyon bilang 1482, s.2008 o *World Water Day Celebration 2019* na may lokal na tema: “*HawakKamay,Tubig-Kaagapay*”. Nakasama ng mga kawani ng PanWaDis sina Dir. Ma. Isabel O. Avendaño, G. Francisco Avendaño, at G. Mar Par, *Chairperson OFW Cooperative Council (OFWCC), Jeddah, KSA*.

Ang ikala-



wang bahagi ay noong ika 7-9 ng buwan ng Mayo. Sinimulan ito sa Lumina Homes, Brgy. Pinagkuartelan na pinangunahan ng *Los Caballeros de Pandi*. Sa kanyang mensahe inihayag ng kanilang pangulo na si G. Martin Concepcion na isa siyang “*environmentalist*” na may masidhing pagnanais na maisalba ang mga nanganganib ng maubos na uri ng halaman at puno sa bayan ng Pandi. Hinikayat niya ang *PanWaDis* na ipagpatuloy ang makabuluhang proyektong ito na nagpapakita ng tunay na mala-

sakit sa bayan. Ang *Home Owners Association (HOA)* ng *Pandi Residences Home 1*, Brgy. Mapulang Lupa, kasama ang kanilang pangulo na si G. Joel G. Gardaya ang nakatoka sa kanilang lugar. Hindi naman napahuli ang *Immaculate Conception Parish Commission on Youth (PCY)-Pandi* na pinangunahan ng kanilang masipag na pangulo na si G. Lloyd Cuevas sa *Pandi Residence Home 2*, Brgy. Bagong Barrio.

Naniniwala si GM Elvie Santos na dadami o madaragdagan pa ang mga magnanais na sumuporta sa proyektong ito ng *PanWaDis* upang mas marami pang puno ng kawayan ang maitanim sa susunod na mga taon.





**PALAISIPAN**

**WORD SEARCH** **CLIMATE CHANGE**

Circle the hidden words in the puzzle.



ni: **Trishialinn DR. Armiza**

ABSORB BIOGEOCHEMICAL CYCLE FOSSIL GASEOUS  
 NITROGEN PLANTS RESIDENCE SMOG TEMPERATURE  
 VAPOR AIR CHLOROFUOROCARBON FACTORIES FUEL  
 LIQUID OIL POLES TIME STRATOSPHERE  
 TROPOSPHERE ALBEDO COAL FEEDBACK GAS MATTER  
 PHOTOSYNTHESIS RADIATION RESPIRATION SUN WATER

J A X W R X R E S I D E N C E L B X C R  
 R J T I M E I H R M B W H H Q S E N E S  
 I A V U X G S D S Q M F E L S T E T V L  
 M Y D V D A D P V M L S O O X R T G I T  
 R E H I R N B P I X O J F R G A S S P E  
 Y F S U A A B H A R X G E O M T S W P M  
 B L T F W T E O H G A T L F I O A S L P  
 I I R P U O I T S J A T L L F S P J H E  
 O Q O M S E S S O U W F U I U A P O U M R  
 G U P E Z A L S N D C V W O I H L B D A  
 E I O Z F B Z Y I O G I N R N E E M N T  
 O D S W E S V N T T D C I O C R S G D U  
 C F P J E O I T R V H R O C X E P A D R  
 H P H R D R W H O C K U B A Y T X S K E  
 E A E M B B C E G X P E U R L X Q E P B  
 M L R V A M K S E O I L J B M X E O S L  
 I B E D C R Z I N A S F A O A L G O U C L  
 C E P B K Q G S V A P O R N C I L S Y G  
 A D Z S F A C T O R I E S Y T M R D L E  
 L O H G T W Z X P F U L C K K S W K I M

**El Niño Hindi Tayo Meant To Be**  
 Sa Tubig Man, Walang Forever



ni: **Engr. Cesar O. Ortega**

**M**ULI, ATING NAPATUNAYAN ang epekto ng tag-araw sa katubigan, mapasa-ilalim ng lupa (*underground water*) o mapasa-ibabaw (*surface water*) ng muling magparamdam ang *El Niño phenomenon*, Ayon sa *PAGASA*, ang mainit na *sea surface* na nagsimula noong Nobyembre 2018 ay inaasahang magiging *full blown El Niño* ngayong 2019. Hindi mai-tatanggi ang katotohanan na ang tag-araw ay nagdudulot ng pagbaba ng balong sa mga balon (*well*) sa ilalim ng lupa kabilang na ang mga istasyon ng tubig (*pumping stations*) ng Pandi Water District kung saan nanggagaling ang suplay ng tubig patungo sa ating mga konsesyonaryo. Maging ang *Angat Dam* na siyang pinagkukunan ng siyamnapu't anim na bahagdan (96%) ng suplay ng tubig ng *Maynila* ay bumaba ang antas mula sa normal na isandaan at walumpong metro (180m) tungo sa isandaan at animnapu't isang metro (161m) noong ika-labing siyam ng Hunyo, taong kasalukuyan, isang metro na lamang tungo sa kritikal na antas. Dahil dito nagbabala ang pamunuan ng *National Water Resources Board (NWRB)* ang posibleng pag – abot ng tubig sa kri-



tical na antas nito at posibleng pagbawas sa oras ng serbisyo ng tubig sa Kamaynilaan.

Ang PanWaDis ay may regular na pag-sukat sa antas ng tubig ng ating mga *pumping stations*. Batay sa talaan ang buwan ng Pebrero hanggang Hunyo ang nagpakita ng patuloy na pagbaba ng antas ng tubig. Ang ganitong pagkatuyo ng tubig ay pinalala pa ng mas matinding tagtuyot na kung tawagin ay “*El Niño*” na naranasan ngayong taon. Sa ganitong panahon, mas malayo ang tubig mula sa ibabaw ng lupa, mas hirap ang pump sa pagpapa-akyat ng tubig mula sa ilalim ng lupa, ang *pressure* ng tubig ay humihina at ang metro kubiko o *volume* ay bumababa. Ito ay higit na na raranasan ng nasa malayo at matataas na lugar.

Ang PANWADIS ay nagdagdag ng mga tubo sa ilalim ng lupa sa mga *pumping station* na naobserbahang kritikal ang antas ng tubig upang magkaisip ang “*dry pumping*”. Ang “*dry pumping*” na kung saan ang *motor pump* na dapat ay nakalubog sa tubig sa ilalim ng lupa ay patuloy na umaandar kahit ito ay hindi na nakalubog. Kung magpapatulo, ito ay magresulta sa pagkasira ng *motor pump*. Isa pa sa negatibong epekto ng “*tagtuyot*” ay ang paghina ng suplay ng kuryente. Sa gitna ng ganitong pagkakataon, sama-sama nating unawain ang panahon na ang tubig ay hindi natin kayang gawin bagkus ay biyaya ng kalikasan na dapat nating pakaingatan at mahalina. Mali ang kaisipang dahil binabayaran, okey lang na aksayahin. “*Sa tubig man, walang forever*”.

**BOARD OF DIRECTORS**

- Joel C. Bernardo  
Chairperson
- Evangeline L. Sandel  
Vice-Chairperson
- Trinidad L. Gonzales  
Secretary
- Ma. Isabel O. Avendaño  
Member
- Rosalinda M. Marcos  
Member

**PUNONG TAGAPAMAHALA**

- Elvira Socorro B. Santos  
General Manager

**LUPONG PATNUGUTAN**

- Mila P. Mendoza  
Punong Patnugot
- Jormisel B. Mauricio  
Kawaksing Patnugot
- Engr. Cesar A. Ortega  
Tagapamahalang Patnugot
- Janet G. Capiral  
Tagapamahala sa Sirkulasyon
- Fernando S. Alday III  
Trishialinn DR. Armiza  
Lay-out Artists
- John Doe S. Sta. Maria  
Polagrapo

GINTONG PATAK ang opisyal na pahayagan ng Pandi Water District na inilalathala ng Pangosiwaan at mga Kawani dalawang beses sa isang taon.

**PanWaDis PAYMENT HOURS**

**8:00 AM - 5:00 PM**  
**NO NOON BREAK**  
 (WEEKDAYS)

**CONTACT INFORMATION**

Website: [www.pandiwaterdistrict.com](http://www.pandiwaterdistrict.com)  
 Email: [pandiwaterdistrict@yahoo.com](mailto:pandiwaterdistrict@yahoo.com)  
 FB Page: [Pandi Water District FB Page](#)

**CUSTOMER SERVICE HOTLINE NUMBERS**

Mobile No.: +63 942 980 7556  
 Landline No.: (044) 661 1050/ (044) 309 8009